Mga Bagay na Kadalasang Itinatanong

May mga tanong? Puwede kaming tumulong.

ANONG MGA URI NG NEGOSYO ANG KALIPIKADO PARA SA PAUTANG NG SMALL BUSINESS FLEX FUND 2 NG WASHINGTON?

Upang maging kalipikado para sa pautang ng Flex Fund, ang isang maliit na negosyo o nonprofit ay kailangang nagpapatrabaho sa 50 o mas kaunting empleyado, nagnenegosyo na sa loob ng hindi bababa sa isang taon bago ang petsa ng pag-apply, may mas mababa sa $5 milyong gross na taunang kita, nagpapakita ng kakayahang makabayad sa utang gamit ang nakaraan at tinatayang daloy ng pera, at kasalukuyan nang nagnenegosyo sa estado ng Washington.

ANO ANG KAIBAHAN NG PROGRAMANG ITO SA IBA PANG PONDO NG PAUTANG?

Ang Small Business Flex Fund 2 ng Washington ay may isang network ng mga tagapagpautang mula sa komunidad na maraming dekada nang tumutulong sa maliliit na negosyo at nonprofit sa Washington mula sa mga komunidad na hindi sapat na napaglilingkuran at walang sapat na pagbabangko. Ang mga tagapagpautang na ito mula sa komunidad ay puwedeng gumabay sa iyo sa bawat hakbang ng proseso ng pautang. Layunin din ng Small Business Flex Fund 2 na bawasan ang mga balakid sa mga mapagkukunan ng pinansiya kapag tinanggal ang iskor ng kredito o mga partikular na kinakailangang kolateral at bayarin sa pinagmulan na sinisingil nang hiwalay sa mga gastusin sa pagsasara. Puwedeng igugol ang mga pondo sa maluwag na paraan batay sa mga pangangailangan at layunin ng iyong negosyo.

KAILANGAN KO BA NG KOLATERAL?

Walang kailangang partikular na kolateral upang maging kalipikado. Hindi mo kailangang magkaroon ng access sa anumang partikular na real estate o kagamitan. Gayunman, maghahain ng malawakang pang-una o pangalawang lien sa mga asset ng negosyo, at maaaring humiling ang iyong tagapagpautang ng karagdagang partikular na kolateral. Kailangan ang mga personal na garantiya para sa mga indibidwal na nagmamay-ari ng 20% o higit pa ng isang negosyo.

PARA SAAN KO MAGAGAMIT ANG PAUTANG?

Ang mga pautang ng Small Business Flex Fund 2 ng Washington ay magagamit para sa malawak na hanay ng mga pangangailangan sa negosyo, kabilang na rito ang suweldo, renta at mga utility, pagpapaganda ng gusali, marketing at advertising, suplay, at iba pang gastusin sa negosyo. Hindi maaaring gamitin ang mga pautang para sa passive na pamumuhunan sa real estate, pag-lobby, pagsali sa securities trading, aktibidad na ipinagbabawal ng batas ng pamahalaang Pederal o estado ng Washington, o ilang partikular na ipinagbabawal na aktibidad.

Aatasan kang idetalye sa tagapagpautang mula sa komunidad ang tungkol sa panukalang paggamit sa makukuhang pautang kapag nag-apply ka sa tagapagpautang mula sa komunidad.

SINO ANG MGA LOKAL NA TAGAPAGPAUTANG MULA SA KOMUNIDAD?

Ang tunay na nagpapaiba sa Small Business Flex Fund 2 ng Washington ay ang network ng mga nonprofit na tagapagpautang mula sa komunidad. Sa loob ng mahigit 40 taon, ang Community Development Financial Institutions (CDFIs, Mga Institusyong Pinansiyal para sa Kaunlaran ng Komunidad) ay nakatuon sa pagtulong sa lokal na maliliit na negosyo at nonprofit upang magtagumpay. Nariyan ang mga CDFI upang tugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga komunidad na walang sapat na pagbabangko noon pa man at maraming taon nang nagpapautang sa mga humihiram sa mga komunidad na ito.

PAANO KUNG KAILANGAN KO NG TULONG SA PAG-APPLY PARA SA PAUTANG?

Kapag pumunta ka sa SmallBusinessFlexFund.org, ikokonekta ka sa isang lokal na tagapagpautang mula sa komunidad na puwedeng tumulong sa bawat hakbang ng aplikasyon at magdirekta sa iyo sa mga karagdagang serbisyong pansuporta.

ANO ANG MGA TERMINO NG PAUTANG?

36 HANGGANG 72 BUWANG TERMINO
Humiram ng hanggang $250,000
Mga rate na mas mataas nang 1-4% sa rate ng WSJ Prime
Di-nagbabagong rate ng interes para sa buong panahon ng pautang
Walang parusa para sa maagang pagbabayad

KUNG GAGAWIN KO ANG MAAGANG APLIKASYON, GARANTISADO BANG MAITUTUGMA AKO SA ISANG TAGAPAGPAUTANG NG PROGRAMA?

Hindi. Bagaman pinagtitibay ng programa ang minimum na pamantayan sa kalipikasyon na kinakailangan upang mag-apply (halimbawa, hindi bababa sa isang taon ng pagnenegosyo, mas kaunti sa 50 empleyado, mas mababa sa $5 milyong taunang kita), ipinapataw rin ng mga kalahok na tagapagpautang mula sa komunidad ang kanilang sari-sariling pamantayan sa pagpapautang. Ang isang aplikanteng hindi makatutugon sa pamantayang itinakda ng mga tagapagpautang ay hindi makatatanggap at maitutugma, at hihikayating kumonsulta sa network ng mga organisasyong sumusuporta sa negosyo ng estado. Naghahanap ang programa ng isang pangkat ng maraming iba't ibang kalahok na tagapagpautang na nag-aalok ng pinakamalawak na saklaw hangga't maaari sa iba't ibang heograpiya, industriya, at iba pang salik upang makamit ang pinakamataas na antas ng pagtutugma hangga't maaari sa mga aplikante ng programa.

KUNG MAITUTUGMA AKO SA ISANG TAGAPAGPAUTANG NG PROGRAMA, TATANGGAP BA AKO NG PAUTANG?

Dahil sa limitadong bilang ng makukuhang pondo at sa dami ng inaagapang aplikasyon, inaasahang hindi makatatanggap ng pautang ang lahat ng aplikante. Dagdag pa rito, pakitandaan na kapag nagsumite ng aplikasyon, hindi ibig sabihin ay kalipikado na at aprobado o may pondo na kaagad para sa pautang. Hihiling ng karagdagang impormasyon sa iyong aplikasyon para sa iyong tagapagpautang na gagamitin sa pagpapasya kung kalipikado ka para sa pautang. Ang panahong ilalaan upang iproseso ang isang aplikasyon ay dedepende sa dami ng aplikasyong matatanggap ng katugmang tagapagpautang mula sa komunidad.

KAILANGAN BANG NAKABASE SA WASHINGTON ANG AKING NEGOSYO UPANG MAKAPAG-APPLY?

Oo, matatagpuan dapat sa Washington ang pangunahing tanggapan o headquarters.

NATATAWARAN BA ANG PAUTANG NG SMALL BUSINESS FLEX FUND 2 NG WASHINGTON?

Ang Flex Fund ay HINDI natatawarang programa ng pautang o grant. Kailangang bayaran ng humiram ang buong halaga ng pautang nang may interes sa loob ng 3-6 na taon, depende sa pautang.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG MAKALIGTAAN KONG MAGBAYAD?

Kung hindi mo mababayaran ang pautang sa takdang oras, maaari kang patawan ng bayad sa pagkaatrasado ayon sa pagpapasya ng tagapagpautang mula sa komunidad. Dahil sa pagkabigong magbayad, maaaring ideklara bilang default ang pautang. Sa panahon ng proseso ng pag-apply para sa pautang, tatalakayin ng iyong tagapagpautang mula sa komunidad ang buong termino ng iyong kasunduan sa pautang upang tiyaking nauunawaan mo ang mga detalye hinggil sa atrasadong pagbabayad at default.

ANONG MGA URI NG NEGOSYO ANG HINDI KALIPIKADO PARA SA PAUTANG?

Ang mga di-kalipikadong negosyo ay:

- Mga negosyo o kompanya ng cannabis na sumasali sa mga aktibidad na ipinagbabawal ng Pederal na batas o karampatang batas sa hurisdiksiyon kung saan matatagpuan ang negosyo
- Mga passive na pamumuhunan sa real estate o pagbili ng securities
- Mga kompanyang sumasali sa mga pag-lobby o pyramid sales
- Mga pasilidad na pangunahing ginagamit para sa pagsusugal o upang mangasiwa ng sugal
- Mga negosyong sumasali sa mga tsambahang aktibidad na nagpapaunlad ng kita mula sa pagbabago-bago ng presyo sa halip na sa pamamagitan ng normal na kalakalan, gaya ng commodity futures trading o passive na pamumuhunan sa real estate
- Mga negosyong kumikita nang mahigit sa kalahati ng taunang netong kita ng mga ito mula sa pagpapautang, maliban kung para sa mga Community Development Financial Institution at Pantribong enterprise na hindi mga institusyon para sa pagdedeposito o kompanyang namamahala ng bangko
- Mga negosyong naghahangad na bayaran ang mga delingkuwenteng Pederal o pang-estadong buwis sa income, maliban na lang kung ang maliit na negosyong nanghihiram ay may nakatalagang plano ng pagbabayad sa kinauukulang tagapagbuwis

ANO ANG PUWEDE KONG GAWIN UPANG MAKAPAGSIMULA NA?
Pumunta sa **SmallBusinessFlexFund.org**

SMALL BUSINESS flexFUND

ANONG IMPORMASYON ANG KINAKAILANGAN UPANG MAKAPAG-APPLY PARA SA PAUTANG MULA SA SMALL BUSINESS FLEX FUND 2 NG WASHINGTON?

Bilang bahagi ng iyong buong aplikasyon para sa pautang, kailangan mong ibigay ang sumusunod na dokumentasyon sa tapagpautang mula sa komunidad:

- Dalawang pinakahuling naihaing tax return, kung mayroon at iniaatas ng tagapagpautang;
- Mga statement ng bangko at/o pinansiyal na statement na ginawa nang internal;
- Impormasyon hinggil sa (mga) may-ari ng negosyo na may mahigit 20% na pagmamay-ari, kabilang na ang pangalan, address, SSN, EIN o ITIN, numero ng telepono, email, pagmamay-ari ayon sa porsiyento, at ID na may litrato;
- Executed Attestation Form (Form ng Pinaiiral na Katibayan) (na ibibigay ng tagapagpautang mula sa komunidad);
- Ebidensiya ng legal na impormasyon ng entidad ng negosyo o nonprofit (halimbawa, mga artikulo ng incorporation at mga bylaw);
- Personal na garantiya (para lang sa mga negosyo); at
- Iba pang dokumentasyong iniaatas ng tagapagpautang mula sa komunidad o pagkatapos mag-apply

Makikipag-ugnayan sa iyo ang isang kalahok na tagapagpautang mula sa komunidad upang kolektahin ang kinakailangang dokumentasyon, isagawa ang anumang pagsusuri ng kredito, at isapinal ang proseso ng pagsusuri sa aplikasyon.

KUMONEKTA SA IYONG LOKAL NA TAGAPAGPAUTANG MULA SA KOMUNIDAD, NGAYON!

Ang State Small Business Credit Initiative (SSBCI, Inisyatiba sa Kredito ng Maliit na Negosyo ng Estado) ng Washington ay naglalaan ng lubos na kinakailangang kapital para sa maliliit na negosyo at nonprofit sa buong Washington, partikular na sa mga komunidad na hindi sapat na napaglilingkuran at walang sapat na pagbabangko noon pa man. Ang SSBCI ay pinangangasiwaan ng Department of Commerce (Kagawaran ng Komersiyo) ng Estado ng Washington sa pakikipagtulungan sa U.S. Department of Treasury (Kagawaran ng Ingat-yaman ng U.S.) at mga institusyong pinansiyal sa buong estado. Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa https://bit.ly/wa-small-biz-loans.

SMALLBUSINESSFLEXFUND.ORG

Washington State Department of Commerce